GRADE 1

Leveled Reader
in Tagalog



# Hindi Na Ako Natatakot!

Kuwento ni Mini Shrinivasan

Guhit ni Rayika Sen



Malaki na ako.
Lalabas ako ng bahay
ng mag-isa.



Ang dilim naman!
May tao ba diyan?
Sino iyan?




Ay, pusa lang pala.

Hindi ako natatakot.



May nakikita akong
malaki at madilim
na bagay doon!
Ano kaya iyon?



Ay, balon lang pala.
Hindi ako natatakot.



At ang ingay na iyon?
Krak, krak, krak!
Ano ba iyon?



Kapatid ko lang pala na nag-iigib mula sa balon. Hindi ako natatakot.




May naririnig akong mga yabag!
Sino iyon?
Sino iyon?



Ang nanay pala iyon. Pauwi na siya sa aming tahanan.



Malaki na ako ngayon.



Hindi na ako natatakot
sa kahit na ano!

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation